タガログ語

# Sekai wa Hitotsu

Inilathala ng Gifu International Center（GIC）

International Exchange
at Multicultural Magazine
GIFU INTERNATIONAL CENTER

2025 February No.161



© 岐阜県 清流の国ぎふ・ミナモ ＃ 0195

## Isinagawa ang Basic Training Medical Interpretation Volunteers

Upang makahanap at mag-train ng mga medical interpretation volunteers, nagsagawa ang aming center ng「Basic Training Medical Interpretation Volunteers」. Ang training na ito ay para sa mga may kasanayan sa (Portuguese, Chinese, Tagalog, o Vietnamese), pati na rin sa mga interesadong matuto ng medical interpretation.


Ang training ay isinagawa online at face-to-face, kung saan pinag-aralan ang mga pangunahing kaalaman sa medical interpretation, tulad ng mga「dapat tandaan bilang medical interprete」,「istruktura ng katawan」, at mga「pangunahing kaalaman sa sakit」. Bukod dito, Isinagawa rin ang role-playing na pagsasanay sa pagsasalin sa iba't ibang medikal na sitwasyon.

Role-play interpreting training



Marami sa mga lumahok ay may karanasan sa medical interpretation dahil sa kanilang pamilya o kakilala. Sa training, natutunan nila na「mahalagang agad na linawin sa doktor kung may hindi pamilyar na medical terms o hindi malinaw na impormasyon」. Ibinahagi rin ng ilan na「Naobserbahan ko na ang aking paraan ng pag-interpret ay ayon sa aking sariling pamamaraan」, at naging isang mahalagang pagkakataon ito upang matuto at makadiskubre ng bagong kaalaman sa medical interpretation.

## Gifu Prefecture Medical Interpreter Volunteer Mediation Project




Upang matulungan ang mga dayuhang residente na may kahirapan sa wikang Hapon na mag patingin sa mga medikal na pasilidad na walang inaalahanin, nag-aalok kami ng medical interpretation volunteers (Portuguese, Chinese, Tagalog, at Vietnamese) ayon sa pangangailangan ng mga ospital at klinika.

Ang mga bolontaryo ay may sapat na kaalaman at kasanayan, napatunayan sa pamamagitan ng aming pagsusulit at pagsasanay.


# Gifu Prefecture Japanese Language Learning Support Center

Ang Gifu Prefecture Japanese Language Learning Support Center ay itinatag sa loob ng Gifu International Center bilang isang suporta para sa mga foreign residents na gustong mag-aral ng Nihongo. Layunin nitong palawakin ang oportunidad para matuto ng Japanese na magagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Gustong magtayo ng bagong Nihongo class. Saan puwedeng makakapag-aral ng Japanese malapit sa akin? At ibapa

## ●Consultation para sa Pag-aaral ng Nihongo

May isang consultation staff na available para sumagot sa mga tanong tulad ng.



## ●Gifu Online Japanese Class


Para matulungan ang mga foreign residents saanman sa Gifu, nagbibigay kami ng libreng online Nihongo classes kung saan puwedeng matuto ng Japanese na magagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay.

### ●Hajime no Ippo Class(First Step Class)

Para ito sa mga baguhan sa Nihongo. Dito, matututunan ang basic na Japanese na kailangan sa pang-araw-araw na sitwasyon, tulad ng pagpapakilala at pamimili.

### ●Conversation Class

Sa class na ito, makikipag-usap ang mga participants sa Japanese partners tungkol sa iba't ibang topics tulad ng hometown at trabaho at layunin din nitong palalimin ang pag-unawa sa isa't isa.




Online Conversation Practice (Hajime no Ippo Class)

## ●Training Programs


Pagsasanay para sa mga Japanese language educators at volunteers ng Yasashii Nihongo (simpleng Japanese na madaling maintindihan ng mga foreigners)

## ●Pagpapadala ng Regional Japanese Language Coordinators




Nagpapadala ang Gifu Prefecture ng「Japanese Language Education Coordinators」sa mga lungsod, bayan, at kumpanya upang magbigay ng suporta sa pagbubukas at pamamahala ng community Nihongo classes at Training sessions tungkol sa「Yasashii Nihongo」

Sa tulong ng programang ito, matagumpay na nakapagtayo ng Nihongo classes ang Motosu City at Tarui Town.
(Photo: Motosu Japanese language Communicating Class)



Sa section na ito, ibinabahagi namin ang kasalukuyang sitwasyon ng mga foreign residents sa Gifu Prefecture batay sa iba't ibang data ng populasyon na isinama ng bansa at ng prefecture.

# Bilang ng mga Dayuhang Residente at Pagbabago ayon sa Bansa




Noong 2023, umabot sa pinakamataas na bilang ang populasyon ng mga foreign residents sa Gifu. Noong Disyembre 2023, ang mga may pinakamalaking populasyon ayon sa nasyonalidad ang Filipino ay 15,519, Vietnamese 14,044, Brazilian 12,341, Chinese 9,343, Ang apat na bansang ito ay bumubuo ng halos 70% ng kabuuang populasyon ng foreign residents sa buong prefecture.

Mapapansin ang patuloy na pagdami ng Vietnamese residents, na ngayon ay pangalawa na sa dami, nalampasan ang Brazilian population. Ang pagtaas na ito ay dahil sa mabilis na pagdami ng mga Vietnamese technical intern trainees sa Japan.

Sa hinaharap, inaasahang magpapatuloy ang malaking pagdami ng Vietnamese residents, habang ang Filipino at Brazilian populations ay inaasahang patuloy na dadami dahan-dahan.

GIC Project Report

# International Student Network Event

Para palakasin ang pagpapalitan ng kultura sa pagitan ng mga international students at mga lokal na residente at kumpanya, at mapapakilala ang ganda ng Gifu, isinagawa ng GIC ang "Gifu Discovery Bus Tour."

Mula sa Subaru Academy Motosu Campus na may 32 international students ang sumali sa tour ngayong taon at bumisita sa［Aeon Mall Kakamigahara Inter］［Gifu Prefectural Disaster Prevention Center］［Aquatotto Gifu (World Freshwater Aquarium)］

Sa Aeon Mall Kakamigahara, natuto sila tungkol sa overseas business expansion at environmental initiatives ng Aeon, at nag-enjoy sa paggawa ng temaki sushi. Sa Disaster Prevention Center naman sumailalim ang mga participants sa fire extinguisher training at earthquake simulation, na naging mahalagang pagsasanay para sa pagharap sa malalaking sakuna sa hinaharap.



## GIC Information

Ang Gifu International Center , a.k.a (GIC), ay nagsisilbing sentro ng international exchange sa local na komunidad. Sa pamamagitan ng mga aktibidad ng international exchange na gumagamit ng mayamang kalikasan, kasaysayan, at iba pang resources ng Gifu Prefecture, layunin ng GIC na itaguyod ang isang multicultural at inclusive na lipunan habang pinapalakas ang pag-unawaan, pagkakaibigan, at mabuting Samahan kasama ang ibang mga bansa.

**Pagbuo ng Komunidad para sa Multicultural na Pagkakaisa**

- Suporta para sa Life Planning at Career Education ng mga anak ng dayuhan at mga Magulang.
- Pagbibigay ng Life Consultation mula sa mga Foreign Consultant at Konsultasyon kasama ang mga Eksperto tulad ng Administrative Scriveners.
- Suporta para sa Japanese language learning, training ng mga Japanese language support volunteers, at konsultasyon tungkol sa pag-aaral ng Japanese.
- Mga hakbang sa pag-iwas sa kalamidad para sa mga dayuhan.

**Paglikha ng isang kapaligiran para sa pagtataguyod ng Regional Internationalization**

- Information Sharing for Multicultural Coexistence: Multilingual Magazine "Sekai wa Hitotsu "
- Pagpapalaganap ng Pag-unawa sa Multicultural Coexistence (Language and Foreign Culture Courses).
- International Understanding Education (School Visits).
- International Exchange Events para sa mga Japanese at Foreign Residents.

**Pagtulong sa mga Aktibidad ng mga Volunteer at Pribadong Organisasyon**

- Pagtulong at Pagsasanay para sa boluntaryong interpreter ng medikal.
- Boluntaryong interpreter ng medical.
- Pagbuo ng support network para sa mga kalamidad.
- Pagbibigay ng tulong sa mga multicultural at international exchange organizations.
- Pag-rehistro ng mga boluntaryo at pagpapakilala ng mga volunteer sa mga local pamahalaan at organisasyon.

### 【Pagtanggap ng mga Supporter Members】

Kami ay tumatanggap ng mga indibidwal o organisasyon na suportahan ang aming mga aktibidad.

- Membership fee:
  - ・Individual 3,000 yen per person
  - ・Group 5,000 yen per group
- Mga benepisyo:
  Pagpapadala ng newsletter na "Sekai Wa Hitotsu," discount participation fee ng mga events at iba pa.

### Gifu Prefecture Consultation Center para sa mga Dayuhang Residente

Kung may mga tanong o problema kayo tungkol sa buwis, tirahan, edukasyon, o iba pang aspeto ng buhay dito sa Gifu, maaari kayong kumonsulta sa amin. Tutulungan namin kayong makahanap ng solusyon sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga pampublikong ahensya.

**Oras ng operasyon**: Lunes–Biyernes, 9:30 AM – 4:30 PM
**Telepono**: 058-263-8066
**Mga wikang available**: Ingles, Tsino, Portuges, Tagalog, Vietnamese, at iba pa.

**Pag-ayos・Isinagawa**


**Gifu Prefecture International Exchange Center (GIC)**
**Gifu Prefecture Consultation Center para sa mga Dayuhang Residente**
**Gifu Prefectural Japanese Learning Support Center**
〒500-8875 Gifu Chunichi Building, 2F 1-12 Yanagase Dori
TEL:058-214-7700　FAX:058-263-8067
E-mail　gic@gic.or.jp　URL　https://www.gic.or.jp

Opening Hours: 9:30 AM – 6:00 PM (Sunday to Friday)
Closed: Saturdays, public holidays,
and year-end/new year holidays
Available Languages: English, Chinese, Portuguese, Tagalog, Vietnamese, and more

